Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

23 Marso 2025 | Ika-3 Linggo ng Kuwaresma | Taon K

KALINGA, KABUSUGAN AT PAGMAMALASAKIT MULA SA DIYOS

Ang tiyaga at kabaitan ng Diyos sa atin sa paglalakbay na ito ngayong Kuwaresma ay di maipagkakailang malinaw sa mga pagbasa. Ito rin ang mga saloobing nararapat nating isabuhay kahit papaano. Ang Panginoon mismo, sa Kanyang matiyagang pagmamahal, ang siya ring nagbibigay sa atin ng kakayahang mamunga ng biyayang ikabubusog ng iba.

Bukod sa pag-iwas sa paggawa ng masama, inaasahan rin naman tayo na magpamalas ng katulad na pagmamalasakit. Maipakikita natin ito sa paggawa kahit kaunti lamang para sa Panginoon tungo sa pagtatatag ng Kaharian at para sa sarili nating pagpapakabanal.

Pinalakas ng kalinga ng Diyos, at yayamang tumanggap ng kabusugan ng Kanyang pagpapala, pagtibayin natin sana ang pagpapasya nating magbunga ng kabanalan ang ating pagdiriwang ng Eukaristiyang ito sa pamamagitan ng pagtupad sa ating mga tungkulin.

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Tangi kong inaasahan ang Diyos na kaligtasan. Paa ko'y pinakawalan sa bitag na nakaumang 'pagkat ako'y kanyang mahal. ***(Sal 25:15-16)***

Pagbati

***P*– Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!**
***B*– Amen!**
***P* –Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumaninyong lahat!**
***B* –At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P* –Mga kapatid, aminin natin** ang ating mga kasalanan upang maging marapat tayong gumanap sa mga banal na misteryo. *(Manahimik sandali.)*

***P* –Panginoong Hesus, naparito ka upang palayain kami sa pang-aalipin ng demonyo, Panginoon, kaawaan mo kami!**
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –Panginoong Hesus, ipinamamagitan mo kami sa Diyos Ama. Kristo, kaawaan mo kami!**
***B* –Kristo, kaawaan mo kami!**

***P* –Panginoong Hesus, binibigyan mo kami ng biyaya at pagkakataon nang sa gayon ay magbunga kami ng kabanalan. Panginoon, kaawaan mo kami!**
***B* –Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.**
***B* –Amen!**

Panalanging Pambungad

***P* –Ama naming makapangyarihan, ikaw ay maibigin at butihin sa tanan. Itinuturo mo na ang lunas sa kasalanan ay nasa kusang pagpapakasakit, pagdalangin at pagmamalasakit. Tunghayan mo ang aming pag-amin sa nagawang pagsuway upang sa pagpapatirapa ng aming budhi sa iyong harap kami'y lagi mong maibangon dahil sa iyong pag-ibig na tapat sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.**
***B* –Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Exo 3:1-8. 13-15***
Sa pagpapatuloy ng paglalahad ng mga tampok sa Kasaysayan ng Pagliligtas, inilalarawan ngayon ng dakilang May-akda ang dalawang mahalagang pangyayari sa

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

kasaysayan ng mga taga-Israel: ang paghahayag ng plano ng Diyos na palayain ang Kanyang bayan, at nang ngalan Niya. Isa ngang tunay na pambihirang karangalan di lamang para sa Israel kundi para na rin sa atin na tayo ang pinaglalaanan ng planong pagliligtas ng Diyos.

L –Pagbasa mula sa Aklat ng Exodo

Noong mga araw na iyon, si Moises ang nag-aalaga sa kawan ng biyenan niyang si Jetro. Minsan, itinaboy niya ang kawan pabagtas ng disyerto at nakarating siya sa Horeb, sa Bundok ng Diyos.

Doon, ang anghel ng Panginoon ay napakita sa kanya, parang ningas sa gitna ng isang mababang punong-kahoy. Kitang-kita ni Moises na nagliliyab ito ngunit hindi nasusunog. Kaya't nasabi niya sa kanyang sarili, "Kataka-taka ito! Tingnan ko ngang mabuti kung bakit di nasusunog gayong nagliliyab." Nang lalapit na si Moises, tinawag siya ng Panginoon buhat sa nagliliyab na punong-kahoy, "Moises, Moises." "Ano po iyon?" sagot niya. Sinabi ng Diyos, "Huwag kang lumapit. Hubarin mo ang iyong sandalyas sapagkat banal na dako ang kinatatayuan mo. Ako ang Diyos ng iyong mga magulang – nina Abraham, Isaac at Jacob." Tinakpan ni Moises ang kanyang mukha pagkat natatakot siyang tumingin sa Diyos. Sinabi sa kanya ng Panginoon, "Nakita kong labis na pinahihirapan ng mga Egipcio ang aking bayan. Alam ko ang hirap nilang tinitiis at narinig ko ang kanilang daing. Kaya, bumaba ako upang sila'y iligtas, ialis sa Egipto at ihatid sa lupaing mayaman, malawak at sagana sa lahat ng bagay."

Sinabi ni Moises, "Pupunta ako sa mga Israelita at sasabihin sa kanilang ako'y sinugo ng Diyos ng aming ninuno. Ngunit ano po ang sasabihin ko kung itanong nila kung sino ang nagsugo sa akin?" Sinabi ng Diyos, "Ako'y si Ako Nga. Sabihin mong sinugo ka ni Ako Nga, ng Panginoon, ng Diyos ng inyong mga ninuno, ng Diyos nina Abraham, Isaac at Jacob. At ito ang pangalang itatawag nila sa akin magpakailanman. Ito rin ang pag-alala sa akin ng lahat ng salinlahi."

Ang Salita ng Diyos!
***B –* Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 103***

B –Ang ating mahabaging Diyos ay nagmamagandang-loob!



*** Panginoo'y papurihan, purihin mo, kaluluwa, ang pangalan niyang banal, purihin mo sa tuwina. Ikaw, aking kaluluwa, ang Diyos ay papurihan, at huwag mong lilimutin yaong kanyang kabutihan.** ***B.***

*** Ang lahat kong kasalana'y siya ang nagpapatawad, at anumang aking sakit, ginagamot niyang lahat. Sa bingit ng kamatayan ako ay iniligtas, at pinagpapala ako sa pag-ibig niya't habag.** ***B.***

*** Panginoo'y humahatol, ang gawad ay katarungan; natatamo ng inapi ang kanilang karapatan. Ang balangkas niya't utos kay Moises ibinilin; ang kahanga-hangang gawa'y nasaksihan ng Israel.** ***B.***

*** Kay ganda ng kalooban, mahabagin itong Diyos, kung magalit ay banayad, kung umibig nama'y lubos. Ang agwat ng lupa't langit, sukatin ma'y hindi kaya, gayon ang pag-ibig ng Diyos, sa may takot sa kanya.** ***B.***

Ikalawang Pagbasa
1 Cor 10:1-6.10-12

Napakaraming kagandahang-loob mula sa Panginoon ang natanggap ng mga Israelita, ngunit karamihan sa kanila'y walang utang na loob at nakuha pa nilang sumuway sa Kanya. Kaya nga, pinarusahan sila ng Panginoon sa disyerto. Binabalaan ni San Pablo ang mga Kristiyanong taga-Corinto laban sa tulad ng gayong pagkakamali.

L – Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga Taga-Corinto

Mga kapatid: Ibig kong malaman ninyo ang nangyari sa ating mga ninuno na sumunod kay Moises. Silang lahat ay naliliman ng ulap sa kanilang paglalakbay, at tumawid sa Dagat na Pula. Sa gayon, nabinyagan silang lahat sa ulap at sa dagat bilang tagasunod ni Moises. Kumain silang lahat ng iisang pagkaing espirituwal at uminom din ng iisang inuming espirituwal, mula sa Batong espirituwal, na sumubaybay sa kanila, at ang Batong iyon ay si Kristo.

Gayunman, hindi kinalugdan ng Diyos ang marami sa kanila, kaya't nagkalat sa ilang ang kanilang mga buto.

Ang mga nangyaring ito'y babala sa atin upang huwag tayong magnasa ng mga masasamang bagay, gaya ng ginawa nila. Huwag din tayong magreklamo, tulad ng ilan sa kanila, kaya't nilipol sila ng Anghel na Mamumuksa. Nangyari ito sa kanila bilang babala sa iba, at nasulat upang turuan tayong mga inabot ng huling panahon.

Kaya nga, mag-ingat ang sinumang nag-aakalang siya'y nakatayo, baka siya mabuwal.

Ang Salita ng Diyos!
***B –* Salamat sa Diyos!**

Awit-pambungad sa Mabuting Balita ***Mt 4:17***

B –(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)
Sinabi ng Poong mahal: "Kasalanan ay talikdan, pagsuway ay pagsisihan; maghahari nang lubusan ang Poong D'yos na Maykapal."
(Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!)

Mabuting Balita ***Lu 13:1-9***

Ang pinakadiwa ng siping mapapakinggan natin ay isang panawagan para sa pagsisisi at pamumunga ng buhay na alinsunod sa kalooban ng Diyos.

P – Sumainyo ang Panginoon!
***B –*At sumaiyo rin!**
P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

***B*– Papuri sa iyo, Panginoon!**

Dumating noon ang ilang tao at ibinalita kay Hesus na ipinapatay ni Pilato ang ilang Galileo samantalang ang mga ito'y naghahandog sa Diyos. Sinabi niya sa kanila, "Akala ba ninyo, higit na makasalanan ang mga Galileong ito kaysa ibang mga taga-Galilea dahil sa gayon ang sinapit nila? Hindi! Ngunit sinasabi ko sa inyo: kapag hindi ninyo pinagsisihan at tinalikdan ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong lahat. At ang labingwalong namatay nang mabagsakan ng tore sa Siloe – sa akala ba ninyo'y higit silang makasalanan kaysa ibang naninirahan sa Jerusalem? Hindi! Ngunit sinasabi ko sa inyo: kapag hindi ninyo pinagsisihan at tinalikdan ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong lahat."

Sinabi sa kanila ni Hesus ang talinghagang ito: "May isang tao na may puno ng igos sa kanyang ubasan. Minsan, tiningnan niya kung may bunga ito, ngunit wala siyang nakita. Kaya't sinabi niya sa tagapag-alaga ng ubasan, 'Tatlong taon na akong pumaparito at naghahanap ng bunga sa punong ito, ngunit wala akong makita. Putulin mo na! Nakasisikip lang iyan!' Ngunit sumagot ang tagapag-alaga, 'Huwag po muna nating putulin sa taong ito. Huhukayan ko ang palibot at lalagyan ng pataba. Kung mamunga po ito sa darating na taon, mabuti; ngunit kung hindi, putulin na natin!' "

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B*– Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

***P*–**Ipinaaalaala sa atin ng talinghaga sa Ebanghelyo ngayon ang ating tungkuling mamunga ng kabutihan sa ating buhay. Kumikilala sa ating kahinaan, tayo ngayo'y humiling ng tulong ng Panginoon para sa atin at sa lahat ng tao:

***B*–Mahabaging Diyos, dinggin Mo kami!**

* Nawa'y ang Simbahang Katolika, sa pamumuno ng Santo Papa at lahat ng mga obispo, ay tapat na tumupad sa kanyang misyong mamatnubay sa mga tao tungo sa kaligtasan, manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y lahat ng nagdurusang pisikal o espirituwal ay magtiwala sa Diyos at magtamo ng tulong mula sa kanilang mga kapatid, manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y dinggin ng lahat ng makasalanan ang panawagan para sa pagbabagong-loob at talikdan ang kanilang mali't masamang pamumuhay, manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y, tulad ng tagapag-alaga ng ubasan sa talinghaga ni Hesus, ipagdasal natin ang ating mga kapatid at tulungan silang lumago sa kabanalan, manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y magbunga ang lahat ng tapat na pagsisisi, pagbabalik-loob, at masiglang pagtataguyod sa kabutihan ng pamayanan, manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng pamilyang hindi nagkakasundo nawa'y makatagpo sila ng lunas sa kanilang mga sugat sa pamamagitan ng kapatawaran, pagtuklas sa yamang panloob na taglay ng bawa't isa, sa kabila ng kanilang nagkakaibang pananaw, manalangin tayo! ***B.***

***P*–**O Diyos, napakatiyaga Mo sa amin, sa aming katamaran at mga pagkukulang na moral. Tibayan Mo ang aming kapasiyahang manunton sa tunay na Kristiyanong pamumuhay na puno ng mga masuyong pagkakawanggawa. Hinihiling namin ito sa ngalan ni Hesus, na siya naming Huwaran at Tagapagligtas na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

***B*–Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo . . .

***B*– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

***P*–**Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang aming paghahain upang ang mga kasalanan naming ihinihingi ng kapatawaran sa iyo ay matutuhan din naming ipatawad sa kapwa tao sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B* –Amen!**

Prepasyo sa Kuwaresma II

***P*–**Sumainyo ang Panginoon!

***B* –At sumaiyo rin!**

P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B* –Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*–**Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B* –Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*–**Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Nang maipagtapat niya sa mga alagad na siya'y laang mamatay para sa lahat, sa kanila'y kanyang

ipinamalas ang kanyang sariling puspos ng liwanag. Ang iyong mga Utos at mga Propeta ay pawang mga tagapagpatunay niya sa pagkakatalagang para sa kapwa'y magdusa upang akayin ang lahat sa pagkabuhay na maligaya.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*– Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B* –Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
***B* –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa pag-inom ng sinuman sa tubig na aking bigay, di na muling mauuhaw 'pagkat ito ay bubukal sa buhay na walang hanggan.

(Jn 4:13-14)

Panalangin Pagkapakinabang

***P*–** Ama naming mapagmahal, sa pakikinabang namin sa iyong banal na piging, pinagsalu-saluhan namin ang bigay mong pagkain. Ang ginaganap namin ngayon sa pagdiriwang ay lubos nawang mangyari sa gawain namin araw-araw sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

PAGWAWAKAS

***P* –**Sumainyo ang Panginoon.
***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*
–Pasiglahin nawa kayo ng biyaya ng Panginoon upang lahat ng inyong mga balakin at gawain ay maghatid sa masaganang ani ng kabanalan.
***B* –Amen!**

***P* –**Gawin nawa kayong mga kasangkapan ng mapagligtas na biyaya ng Panginoon sa pagtulong ninyo sa inyong kapwa para sila'y magbunga ng katapatan, kalinisan, at pagmamahal.
***B* –Amen!**

***P* –**Iadya Niya nawa kayo sa lahat ng masama at pagkalooban kayo ng kaloobang nababalot ng pasasalamat.
***B* –Amen!**

***P* –**Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.
***B* –Amen!**

***P* –**Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon.
***B* –Salamat sa Diyos!**

Upang Iligtas at Ihatid sa Lupaing Mayaman

Kalakbay at Katoto

Kalinga, kabusugan, at malasakit ang lumulutang sa tatlong pagbasa. Sa una, kalinga ng Diyos na naghatid sa bayang pinili sa lupaing mayaman – sa Canaan. Sa ikalawang pagbasa, narinig naman natin ang kabusugang dulot niya – ang pagkakaloob ng "pagkain at inuming espiritwal" sa pamamagitan ni Kristong bugtong na Anak ng Diyos.

Ang ikatlong pagbasa naman ay ang pagmamalasakit ng isang tagapangalaga ng ubasan. Sa kanyang malasakit, hiniling niyang palampasin pa ang kaunting panahon upang maalagaan niya at malagyan ng pataba ang lupa – at magbunga. **Pagtitimpi, pagpapasensiya, pagpaparangya … ang lahat ng ito ay mga katagang hindi makatkat sa ating isipan habang natutunghayan natin ang mga pagbas**a. Laging magandang balita ang marinig ang lalim at lawak at tayog ng pag-ibig ng Diyos sa atin. Sa kagustuhang ikintal

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

ito sa ating guni-guni at alaala, iba-ibang larawan ang ginamit ng mga nagsulat ng Biblia.

Pati si Jesus ay gumamit ng mga talinghaga upang ipamalas ito. Kasama sa mga talinghagang ito ang salaysay ngayon sa Bagong Tipan. Normal na dapat magbunga ang pananim. Dapat lamang na ang igos ay magbigay ng matatamis na prutas. **Subali't alam natin na sa maraming dahilan, may papayang hindi nagbubunga, may punong hindi yumayabong, may halamang walang ibinibigay sa nagtanim**. May hayop na hindi napapakinabangan, at may taong dahil sa marami pa ring mga dahilan ay tumataliwas sa tadhanang nakalatag para sa kanila.

Alam natin ito kung halaman at hayop ang pag-uusapan – sakit, peste, o anumang salot na dumapo sa hayop o halaman. **Ayon sa Biblia, ang para sa tao naman ay may kinalaman sa kasalanan – ang paglihis sa tuntunin at balaking inilatag ng Maylikha para sa tao.**

Ito ngayon ang magandang balitang hatid sa atin ngayon, ikatlong Linggo ng Kwaresma. May isang tagapangalaga ng ubasan na inatangan ng tungkuling pamungahin ang mga igos at mga ubas.

May hangganan ang pasensya ng may-ari. Nguni't ang dakilang habag at awa ng Diyos ay kinakatawan ng tagapangalaga – na kumakatawan din sa bugtong na Anak ng Diyos na isinugo upang "iligtas at ihatid sa lupaing mayaman" ang bayan ng Diyos.

Di miminsang pinag-usapan natin ang katotohanang ang bayan natin ay tulad ng punong igos na bahagya mamunga.

Tulad ng may-ari ng ubasan, gusto na natin tagpasin ang punong walang silbi, patayin at sunugin ang mga halamang di nagbubunga. Madali ang magpadala sa nagpupuyos ng damdamin. Subali't dito sa sitwasyong ito lumulutang ang magandang balita tungkol sa Diyos at ang kanyang balak para sa kanyang bayan.

Sapagka't tayo ay tao lamang, may pinagdadaanan tayong panahong may wakas, at lugar na may hangganan – ang buhay natin dito sa lupang ibabaw. May pagtitiis tayong dapat gawin, paghihintay, pagbabantay, paghahanda**. Ito ang larangan ng pag-asa, na nagsasabi sa atin na hindi lahat ng gusto at nais ay nakahain sa bandeha, at pipitasin lamang natin na parang hinog na prutas, nang walang pag-aagguanta. Ito ang kalikasan ng Diyos na dapat natin tularan. Ito ang magandang balita na, sa kabila ng lahat ng kabulukan at kawalang bunga sa daigdig, ay nananatiling totoo magpakailanman – ang Diyos ay mahabagin, mapagtimpi, at mapagparangya. Iginagalang niya ang kalayaang makatao na ipinagkaloob niya sa atin.** Pero magkikibit-balikat na lamang ba tayo sa harap ng napakaraming suliraning bumabagabag sa atin?

Hindi ito ang naririnig ko sa pagbasa. Mayroong nagsikap; mayroong nagpagal at nagmalasakit. May nagpakahirap upang maglagay ng pataba, maghukay sa palibot ng puno, at gumawa ng paraan upang ito ay magbunga.

May magagawa tayo. May pag-asa pa ang tao. May angking kakayahan ang balana upang bumalikwas sa pagkalulong ito sa kasalanan. **Ano ang pinanghahawakan natin? – Walang iba kundi ang pangako ng Diyos: "bumaba ako upang kayo ay iligtas, ialis sa Ehipto at ihatid sa lupaing mayaman."**

Protagonists
OF THE CHRISTIANIZATION OF THE PHILIPPINES

Limited Edition

BOOK LAUNCHING

March 25, 2025 – 2:00 PM

St. John Bosco Parish
Makati City

Word And Life Publications
Tel. Nos. (632) 8894-5401 • 8818-8636
8845-1792 • 0917-6295485
E-mail: wordandlifepublications@gmail.com

You are Invited!